

Alamin ang Iyong Mga Karapatan sa Pagboto

Ang Iyong Gabay sa mga
Pederal na Batas sa mga
Karapatan sa Pagboto



Kagawaran ng Katarungan ng U.S.

Dibisyon ng mga Karapatang Sibil

Sa Loob ng Gabay na ito

Pangunahing Impormasyon Tungkol sa Pagboto	1
Pagprotekta sa Iyong Karapatang Bumoto	2
Pagpaparehistro ng Botante	4
Pagboto sa Ibang Bansa	8
Pagboto na may Limitadong Kahusayan sa Ingles	9
Pagboto nang may Kapansanan.....	11
Pag-uulat ng Paglabag	12
Mga Karagdagang Mapagkukunan	13



Pangunahing Impormasyon Tungkol sa Pagboto

Sino ang nagpapatakbo ng mga halalan sa aking estado?

Mga pang-estado at lokal na opisyal ng halalan. Sila ang nagpapatakbo sa mga lokal, pang-estado, at pederal na halalan, kabilang ang para sa Kongreso at para sa Pampanguluhan.

Kung gusto mong malaman kung paano ka makakaboto sa iyong estado, dapat kang makipag-ugnayan sa mga opisyal na iyon dahil magkakaiba ang mga patakaran sa iba't ibang estado.

Makakahanap ka ng higit pang impormasyon tungkol sa mga tuntunin ng iyong estado at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga opisyal ng halalan sa **[vote.gov](https://www.vote.gov)**.



Pagprotekta sa Iyong Karapatang Bumoto

Pinoprotektahan ba ng pederal na batas ang aking karapatang bumoto?

Oo. Ang Dibisyon ng mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Katarungan ng U.S. ay nagpapatupad ng mga batas na ito. Kadalasan, maaari ring magsampa ng pribadong kaso ang mga taong nalabag ang mga karapatan.

Pumuprotekta ba ng pederal na batas laban sa diskriminasyon sa pagboto?

Oo. Narito ang dalawa sa pinakamahalagang pederal na batas para sa pagprotekta sa mga botante laban sa diskriminasyon.

Ang unang batas ay ang Batas sa mga Karapatan sa Pagboto (Voting Rights Act, VRA). Ginagawang ilegal ng Seksyon 2 ng VRA ang pagtangi o paghihigpit sa mga karapatan sa pagboto dahil sa lahi o kulay ng balat ng isang mamamayan. Ipinagbabawal din nito ang diskriminasyon laban sa mga mamamayan na mga miyembro ng isang grupo ng minorityang wika, na tinukoy ng VRA kabilang ang mga Amerikanong Indian, Asyanong Amerikano, Katutubong Taga-Alaska, o Latino.

Sa ilalim ng Seksyon 2, hindi maaaring gamitin ng mga pang-estado at lokal na pamahalaan ang mga gawain

sa pagboto o mga tuntunin sa halalan na sadyang may diskriminasyon. Hindi rin sila maaaring gumamit ng mga gawain o tuntunin na nagreresulta sa mga mamamayan na kabilang sa isang partikular na lahi o grupo ng minorityang wika na may mas kaunting pagkakataon kaysa sa iba na bumoto at maghalal ng mga pampublikong opisyal na gusto nila.

Ang pangalawang batas ay ang Batas para sa mga Amerikanong may Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act). Inaatasan ng Titulo II ng batas na iyon ang mga pang-estado at lokal na pamahalaan na tiyakin na ang mga taong may mga kapansanan ay may ganap at pantay na pagkakataong bumoto. Tulad ng Seksyon 2 ng VRA, naaangkop ang batas na ito sa lahat ng aspeto ng pagboto. Kabilang dito ang pagpaparehistro para bumoto, pagpunta sa mga lugar ng botohan, at pagboto, pareho sa Araw ng Halalan at sa panahon ng maagang pagboto. Makakahanap ka ng higit pang impormasyon sa [ada.gov](https://www.ada.gov).

Pumuprotekta ba ang mga pederal na batas laban sa pananakot sa botante?

Oo. May mga pederal na batas sibil at kriminal na ginagawang labag sa batas ang pananakot, pagbabanta o pagpipilit sa isang tao para sa pagboto o pagtatangkang bumoto, gayundin ang mga pederal na batas na ginagawang ilegal ang pananakot, pagbabanta o pagpilit sa mga taong humihimok o tumutulong sa iba na bumoto.

Kasama sa mga batas-sibil ang Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1957 (Civil Rights Act of 1957) at ang Batas sa mga Karapatan sa Pagboto. Ang mga batas na kriminal ay makikita sa ilang Titulo ng Kodigo ng U.S.



Pagpaparehistro ng Botante

Saan ako maaaring magparehistro para bumoto?

Ang Batas sa Pambansang Pagpaparehistro ng Botante (National Voter Registration Act. NVRA) ay inaatasan ang karamihan sa mga estado (lahat maliban sa Idaho, Minnesota, New Hampshire, North Dakota, Wisconsin, at Wyoming) na pahintulutan kang magparehistro upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Iniaatas din nito ang parehong 44 na estado na hayaan kang magparehistro upang bumoto sa pamamagitan ng iba't ibang tanggapan ng pamahalaan. Ang ilang halimbawa ay ang mga tanggapan na nagbibigay ng mga lisensya sa pagmamaneho, tulong sa publiko, o mga serbisyo sa kapansanan, at mga tanggapan ng recruitment ng Hukbong Sandatahan. Ang iyong estado ay maaari ring mag-alok ng iba pang paraan upang magparehistro, tulad ng mga opisina ng halalan, mga kaganapan sa pagpaparehistro ng botante, isang lugar ng botohan, sa pamamagitan ng koreo, o online.

Kung karapat-dapat kang magparehistro, dapat kang payagan ng mga estado na bumoto sa isang pederal na halalan hangga't ang iyong aplikasyon sa pagpaparehistro ay may marka ng koreo o natanggap ng tamang opisina nang hindi bababa sa 30 araw bago ang halalan na iyon. Sa ilang estado, ang deadline ay mas malapit sa halalan; at ilang ibang estado ay

nagpapahintulot ng pagpaparehistro sa Araw ng Halalan.

Mangyaring tingnan ang website ng mga halalan ng iyong estado para sa espesipikong impormasyon tungkol sa mga kinakailangan at mga deadline. Mahahanap mo ang website na iyon sa pamamagitan ng pagpunta sa **vote.gov**.

Kailan ako maiaalis sa listahan ng rehistrasyon ng mga botante?

Sa ilalim ng Seksyon 8 ng Batas sa Pambansang Pagpaparehistro ng Botante, maaaring alisin ka ng mga opisyal sa listahan ng rehistrasyon ng botante para sa mga pederal na halalan kung hihilingin mo ito sa kanila, o kung pumanaw ka.

Maaari ka ring alisin sa listahan kung lalayo ka, hangga't sinusunod ng mga opisyal ang mga tuntunin ng NVRA tungkol sa abiso at timing. Hindi ka maaaring alisin sa listahan ng pagpaparehistro dahil lamang sa hindi ka bumoto sa isang halalan. Ngunit maaari kang tanggalin kung hindi mo sasagutin ang isang abiso na humihiling sa iyo na kumpirmahin kung lumipat ka na, at pagkatapos ay hindi ka bumoto sa loob ng susunod na dalawang yugto ng pederal na halalan.

Aalisin ka rin ng maraming estado sa listahan kung ikaw ay nahatulan ng mga partikular na krimen o nahusgahan na may kapansanan sa pag-iisip.

Maaari ba akong bumoto kung lumipat ako at nakalimutan kong i-update ang aking address sa pagpaparehistro ng botante?

Depende. Ipagpalagay na lumipat ka sa loob ng isang lugar na saklaw ng parehong lugar ng botohan

(halimbawa, kakalipat mo lang sa kanto). Pagkatapos ay pahihintulutan ka ng Batas sa Pambansang Pagpaparehistro ng Botante na bumoto sa lugar ng botohan na iyon. Ngunit dapat mong i-update ang iyong address sa mga opisyal ng halalan (na maaari mong gawin sa lugar ng botohan kapag bumoto ka) upang ito ay tama para sa mga halalan sa hinaharap.

Ipagpalagay na lumipat ka sa isang address na may ibang lugar ng botohan, ngunit nakatira ka pa rin sa loob ng parehong hurisdiksyon ng tagatala (halimbawa, sa isang lugar sa parehong lungsod) at sa parehong distrito ng Kongreso. Samakatwid, maaari kang bumoto sa dati mong lugar ng botohan. At sa ilang estado, maaari ka ring payagang bumoto sa iyong bagong lugar ng botohan o isang sentral na lokasyon, tulad ng opisina ng tagatala, sa halip na sa iyong lumang lugar ng botohan. Muli, dapat mong i-update ang iyong address sa mga opisyal ng halalan (na maaari mong gawin sa lugar ng botohan kapag bumoto ka) upang ito ay tama para sa hinaharap na halalan.

Ipagpalagay na hindi ka lumipat, ngunit ang mga talaan ng pagpaparehistro ay hindi tama na nagsasabi na lumipat ka. Samakatwid mayroon kang karapatang bumoto sa iyong lugar ng botohan kapag nakumpirma mo na patuloy kang nakatira kung saan ka nakarehistro.

Mangyaring tingnan ang website ng mga halalan ng iyong estado para sa impormasyon tungkol sa iyong wastong lugar ng botohan. Mahahanap mo ang website na iyon sa pamamagitan ng pagpunta sa [vote.gov](https://www.vote.gov).

Bilang panghuli, pinoprotektahan ng pederal na batas ang iyong karapatang bumoto sa mga halalan sa pagkapangulo kung lumipat ka bago ang Araw ng Halalan o kung wala ka sa estado sa Araw ng Halalan.

Ang karapatang ito ay protektado ng Seksyon 202 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto.

Paano kung nagparehistro ako upang bumoto ngunit ang aking pangalan ay hindi nakalista sa aklat ng botohan?

Sa karamihan ng mga estado, maaari kang makakuha ng "pansamantalang balota" upang bumoto sa mga pederal na halalan pagkatapos mong igiit na ikaw ay nakarehistro at karapat-dapat. Ang Seksyon 302 ng Batas ng Pagtulong sa Amerika na Bumoto (Help America Vote Act) ay nagtatakda ng ilang tuntunin tungkol dito. Maaari ka ring maalukan ng pansamantalang balota kung iginiit ng isang opisyal ng halalan na hindi ka karapat-dapat na bumoto.

Ang mga batas ng estado ay maaaring magbigay ng iba pang mga dahilan para sa pagbibigay sa iyo ng isang pansamantalang balota—halimbawa, kung hindi mo dala ang kinakailangang ID ng estado kapag ikaw ay bumoto (sa isang estado na nangangailangan ng pagpapakita ng ID para bumoto) o kung ikaw ay pinadalhan na ng isang balota ng lumiban (absentee ballot).

Upang bumoto gamit ang isang pansamantalang balota, dapat kang pumirma sa isang nakasulat na paninindigan. Ang iyong nakumpletong balota ay hahawakan nang nakahiwalay sa mga regular na balota hanggang sa mapagpasyahan ng isang opisyal ng halalan kung dapat itong bilangin. Dapat kang bigyan ng mga nakasulat na tagubilin tungkol sa kung paano malalaman kung binilang ang iyong balota, at kung hindi ito binilang, ang dahilan kung bakit. Sa ilalim ng batas ng estado, maaaring kailanganin mo ring magbigay ng karagdagang impormasyon sa isang tiyak na petsa para mabilang ang iyong balota.



Pagboto sa Ibang Bansa

Maaari ba akong bumoto kung hindi ako naka-active duty o nakatira sa ibang bansa?

Oo. Kung magiging karapat-dapat kang bumoto kung nakatira ka sa U.S., pinoprotektahan ng Batas sa Pagboto ng Lumiban na Mamamayang Militar at Nasa Ibang Bansa (Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act) ang iyong karapatang magparehistro at bumoto nang nakaliban sa mga pederal na halalan.

Pinoprotektahan ng batas na ito ang mga mamamayang nasa militar o ang merchant marine at naglilingkod bilang naka-active duty na malayo sa tirahan, kung sila ay naglilingkod sa ibang bansa o nasa loob ng U.S. Pinoprotektahan din nito ang kanilang mga karapat-dapat na miyembro ng pamilya na malayo sa tirahan dahil sa serbisyong iyon. At pinoprotektahan nito ang mga karapatan sa pagboto ng mga mamamayan ng Estados Unidos na nakatira sa ibang bansa.

Para sa mga pederal na halalan, maaari kang magparehistro para bumoto at humiling ng balota ng lumiban sa parehong pagkakataon sa pamamagitan ng paggamit ng Pederal na Aplikasyon sa Post Card. Maaari kang humiling na matanggap ang iyong balota ng lumiban sa pamamagitan ng koreo o elektronikong paraan. Maaari ka ring gumamit ng back-up na Federal Write-In na Balota ng Lumiban kung gumawa ka ng

napapanahong aplikasyon para sa, ngunit hindi pa natatanggap, ang iyong balota ng lumiban.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Pederal na Programa ng Tulong sa Pagboto (Federal Voting Assistance Program) sa fvap.gov at sa website ng Dibisyon ng mga Karapatang Sibil sa justice.gov/crt/uniformed-and-overseas-citizens-absentee-voting-act.



Pagboto na may Limitadong Kahusayan sa Ingles

Aling mga pederal na batas ang pumuprotekta sa mga botanteng may limitadong kasanayan sa Ingles?

Ang Seksyon 208 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto ay nagpapahintulot sa mga botante na nahihirapang magbasa (halimbawa, dahil limitado ang kanilang Ingles) na makakuha ng tulong sa proseso ng pagboto mula sa isang taong kanilang pinili. Ngunit ang taong iyon ay hindi maaaring maging employer ng botante o isang opisyal mula sa unyon ng botante.

Ang Seksyon 4(e) ng VRA ay nagbabawal sa mga opisyal ng halalan na ikondisyon ang karapatang bumoto sa kakayahan ng isang mamamayan na magbasa, magsulat, o umunawa ng Ingles. Pinoprotektahan ng batas ang mga botante na nakatapos nang hindi bababa sa ikaanim na baitang sa mga paaralang may watawat ng Amerika kung saan itinuro ang mga klase sa isang wika maliban sa Ingles. Halimbawa, naaangkop

ang batas na ito sa mga mamamayan na nag-aral sa isang pampublikong paaralan sa Puerto Rico at tinuruan sa Espanyol.

Gayundin, ang Seksyon 203 ng VRA ay inatasan ang mga lugar kung saan mayroong sapat na bilang ng mga botante ng minorityang wika upang magbigay ng mga materyal sa halalan at tulong sa ibang mga wika. Tuwing limang taon, tinutukoy ng Kawanihan ng Senso ng U.S. ang mga lugar kung saan ito kinakailangan at kung anong mga wika ang dapat nilang gamitin.

Mahamanap mo ang kasalukuyang listahan ng mga lokasyong ito sa [census.gov/programs-surveys/decennial-census/about/voting-rights.html](https://www.census.gov/programs-surveys/decennial-census/about/voting-rights.html)

Iniaatas sa Seksyon 301 ng Batas ng Pagtulong sa Amerika na Bumoto na gawing maa-access ang mga sistema ng pagboto ng mga hurisdiksyon sa parehong mga wika.



Pagboto nang may Kapansanan

Aling mga pederal na batas ang pumuprotekta sa mga botante na may mga kapansanan?

Inaatasan ng Titulo II ng Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan ang mga pang-estado at lokal na pamahalaan na tiyakin na ang mga taong may kapansanan ay may ganap at pantay na pagkakataong bumoto.

Naaangkop ang batas na ito sa lahat ng aspeto ng pagboto. Kabilang dito ang pagpaparehistro ng botante, pagpunta sa mga lugar ng botohan, at pagboto, na pareho sa Araw ng Halalan at sa panahon ng maagang pagboto.

Ang Batas ng Pagtulong sa Amerika na Bumoto ay may mga tuntunin tungkol sa mga lugar ng botohan para sa mga pederal na halalan. Ang bawat lugar ng botohan ay dapat magkaroon ng hindi bababa sa isang sistema ng pagboto na nagpapahintulot sa mga taong may mga kapansanan na bumoto nang independyente at pribado.

Ang Seksyon 208 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto ay nagpapahintulot sa mga botante na may mga kapansanan na makakuha ng tulong sa proseso ng pagboto mula sa isang taong kanilang pinili. Ngunit ang taong iyon ay hindi maaaring maging employer ng botante o isang opisyal mula sa unyon ng botante.



Pag-uulat ng Paglabag

Paano ako mag-uulat ng posibleng paglabag sa mga pederal na batas sa mga karapatan sa pagboto?

Iulat ang mga posibleng paglabag sa karapatang sibil sa Dibisyon ng mga Karapatang Sibil.

Maaari mong gawin ito:

- online sa **civilrights.justice.gov** o
- sa telepono sa **(800) 253-3931**

Iulat ang mga posibleng pederal na krimen, tulad ng mga alalahanin tungkol sa mga banta laban sa mga botante, mga banta laban sa mga opisyal ng halalan, o pandaraya sa halalan, sa FBI.

Maaari mong gawin ito:

- online sa **tips.fbi.gov** o
- sa telepono sa **800-CALL-FBI**



Mga Karagdagang Mapagkukunan

Saan ako makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano pinoprotektahan ng pederal na batas ang aking karapatang bumoto?

Makakahanap ka ng higit pang impormasyon sa website ng Dibisyon ng mga Karapatang Sibil.

- Ang website ng Seksyon ng Pagboto ay makikita sa **[justice.gov/crt/voting-section](https://www.justice.gov/crt/voting-section)**.
- Ang website ng Seksyon sa mga Karapatan ng May Kapansan tungkol sa Batas para sa mga Amerikanong may Mga Kapansanan ay makikita sa **[ada.gov](https://www.ada.gov)**.

Ang karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa pagboto ay matatagpuan sa **[justice.gov/voting](https://www.justice.gov/voting)** at sa **[vote.gov](https://www.vote.gov)**.

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division

[justice.gov/voting](https://www.justice.gov/voting)

Tagalog